Inihahandog ng
Bibliya Para sa mga Bata

Si Haring David (Unang Bahagi)

Isinulat ni: Edward Hughes

Inilarawan ni: Lazarus

Ibinagay ni: Ruth Klassen

Isinalin ni: Dulia Penalber

Inilimbag at ipinamamahagi
ng Bible for Children
www.M1914.org

©2012 Bible for Children, Inc.
Pahintulot: Ang materyal na ito ay maaaring
makopya o malimbag, ngunit hindi maaaring ipagbili.

Ang binatang si David ay laging nasa panganib. Siya ay nais patayin ni Haring Saul.

Si David ay naninirahan sa gubat, sa malaking kuweba, kasama ang 400 na tagasunod.

Minsan, muntik ng matagpuan si David ng mga kawal ni Saul.

Ngunit si David ay palaging lumilipat ng lugar.

Si Doeg, na lingkod ni Saul, ay nagsumbong na mga pari ang tumutulong kay David sa pagtakas. Iniutos ni Saul na patayin sila.

Si Doeg lang ang may lakas ng loob gumawa nito, at pinatay ang lahat ng 80 pari kasama ang mga pamilya nito. Napakasama!

Isang araw, napunta si Saul sa kweba na tinataguan ni David. Si Saul ay mag-isa lamang.

Ito ay pagkakataon
na patayin
ni David
si Saul.
Subalit,

dahan-dahan lamang
na lumapit si David at
pinutol ang laylayan
ng kasuotan ni Saul.

Nang malayu-layo na si Saul, si David ay sumigaw,

"Narito ang kapiraso ng laylayan ng inyong balabal.

Kung ito'y naputol ko sa inyong kasuotan,
magagawa ko ring patayin kayo noon kung gusto ko.

Ito ang katunayan
na hindi ko kayo
gagawan ng
masama
kahit

pinagpipilitan ninyo
akong patayin."

Humingi ng tawad si Saul sa kanyang mga masamang balak. Ngunit hindi nagtagal, bumalik ang galit ni Saul at nagbuo ng kawan ng 3,000 lalaki para patayin si David.



Isang gabi, habang tulog ang kawan, si David at ang kanyang kawal na ai Abishai ay nakalusot sa kampo ni Saul.



"Niloob ng Diyos na mahulog ngayon sa mga kamay mo ang iyong kaaway," bulong ni Abishai.

"Kung gusto mo, tatarakan ko na siya ng sibat. Isang saksak lang iyan at hindi na kailangang ulitin pa."

Tumanggi si David.
Sa halip kinuha niya
ang sibat at lalagyanan ng
inumin ni Saul. Pagdating
ni David sa kabilang burol,
siya ay sumigaw upang
marinig ni Saul.


Nakita muli ni Saul ang pagkakataon na siya ay patayin ni David, ngunit hindi niya ginawa. Muli, humingi ng tawad si Saul. Ngunit ayaw na maniwala ni David.

Sa panahong ito, si Samuel ay patay na. Si Samuel ang nagbuhos ng langis sa ulo ni Saul bilang unang hari ng Israel, at si David ang sumunod. Nang ang Filisteo ay lumusob sa Israel, may nagawa si Saul na di kanais-nais sa Diyos.



Iniutos ni Saul sa isang babae na tawagin ang espiritu ni Samuel.

Noong gabing iyong, nakuha ni Saul ang isang mensahe.

“Tinalikuran ka na ni Yahweh at siya'y kaaway mo na … Inalis na sa iyo ang pagiging hari, at ibinigay na kay David. Bukas, ikaw at ang iyong mga anak ay mamamatay rin.



Ang buong Israel ay
ibibigay ni Yahweh sa
kamay ng mga Filisteo."
Nang marinig ito ni Saul,
siya ay natumba sa takot.

Ang mga Filisteo ay nakipagdigmaan laban sa Israel, ...

... at ang lalaki ng Israel
ay nagsitakbuhan.

Pinatay ng mga Filisteo
ang mga anak ni Saul,
kasama dito
si Jonathan,
ang mabuting
kaibigan
ni David.

Si Saul ay malubhang nasugatan. Sinabi sa kanyang lingkod, "Saksakin mo na ako upang hindi na ako abutang buhay ng mga paganong iyan, at paglaruan pa nila."

Ngunit tumanggi ito sapagkat natatakot siyang gawin ito. Kaya binunot ni Saul ang kanyang espada at sinaksak ang kanyang sarili.



Namatay nga si Saul at ang kaniyang mga anak na lalaki. Ibinitin ng mga Filisteo ang mga bangkay sa pader sa isang lungsod sa Israel.

Ngunit may
mga magigiting na
Israelita na kumuha
ng mga katawan,
at siyang sinunog
at nilibing.

Nang narinig ni David ang masamang balita, siya ay nagdalamhati at umiyak at hindi kumain hanggang gabi.

Para kay Saul at
sa kanyang anak
na si Jonathan, at
para sa mga tao
ng Diyos sapagkat
sila ay namatay
sa tabak.

Kahit na gustong patayin si David ni Saul, si David at nagbigay ng karangalan kay Saul bilang pili ng Diyos hanggang sa huli.

Ngayon ang Diyos ay nagbigay ng karangalan kay David, ginawa siyang hari ng Israel kapalit ni Saul.

Si Haring David (Unang Bahagi)

isang kuwentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

1 Samuel 24-31; 2 Samauel 1-2

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Sinasabi sa kuwentong ito mula sa Bibliya ang tungkol sa ating kahanga-hangang Diyos na Siyang lumikha sa atin at nais Niya na makilala natin Siya.

Alam ng Diyos na tayo'y nakagawa ng masasamang bagay na tinatawag Niyang kasalanan. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan ngunit lubos ang pagmamahal ng Diyos sa atin kaya't ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Hesus na Siyang napako at namatay sa Krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan.

Subalit hindi nanatiling patay si Hesus. Nabuhay Siyang muli at bumalik sa langit! Kung mananampalataya ka kay Hesus at hihingi ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, papatawarin ka Niya. Siya ay darating at mananahan sa iyong buhay magpakailanman.

Kung ibig mong maligtas at mapatawad sa iyong kasalanan, narito ang isang panalangin na maaari mong tularan:

"Mahal kong Diyos, naniniwala po ako na si Hesus ay namatay para sa akin, ngunit Siya ay nabuhay muli. Tinatanggap ko po kayo sa aking buhay at patawarin Ninyo po ako sa aking mga kasalanan upang ako'y magkaroon ngayon ng bagong buhay, at sa isang araw ay makasama Kayo magpakailanman. Tulungan po Ninyo akong mamuhay bilang Inyong anak. Amen."

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Diyos araw-araw! Juan 3:16